Presidential Communications Operations Office

Presidential News Desk

TALK TO THE PEOPLE OF

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE

ON CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19)

[31 May 2021]

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: Magandang gabi sa inyong lahat mga kapatid kong Pilipino. At nandito na naman kami dahil obligasyon namin sa inyo, sa bayan, na mag-report regularly kung ano ang ginagawa ng gobyerno at bakit.

Sinasabi ko sa inyo iyong lahat ng lumalabas dito 'yong katotohanan. Kung ayaw ninyong maniwala kayo pero ang sabi ko sa inyo huwag kayong maniwala diyan sa mga oposisyon, 'yong mga dilawan, kasi ang lumalabas na lang nila is naghahanap ng mali maski wala at kung mayroon man eh nako-correct kaagad 'yan. Pero kung makinig kayo sa lahat ng istorya nila, sa narrative nila sa pang-araw-araw ng buhay ng Pilipino, eh talagang malilito kayo.

And ngayon sinasabi ko, I am giving you the guarantee na hindi kami magsinungaling at hindi kami magtimpla-timpla ng sa totoo para lumabas ang ganda. Kung ang lumabas dito sa aming mga pagsasalita eh mali talaga ang gobyerno, eh iyon na 'yon. At saka kung masama, eh di prangkahan ko kayo na masama ang nangyari dahil ganito pala ang nagawa namin. So ganoon 'yan.

What we are really trying to say here is that we are all bound by the truth at that is a guarantee coming from [me] bilang isang trabahante ng gobyerno and kasali 'yan sa oath of office ko na magsasabi ng totoo at hindi magsisinungaling.

Kung ang totoo makapasama sa amin, sa akin, eh di tanggapin ko. Eh kung totoo naman, paniwalaan ninyo kasi 'yon talaga ang dapat sasabihin namin. We have no business lying to you. Wala akong obligasyon na

magsinungaling sa bayan ko. Bayan ko rin ito. At bakit ako magsinungaling eh para man ito sa lahat?

Now, we go now to the community quarantine classification. This is for June 1-30, 2021.

The following areas will be under modified enhanced community quarantine (MECQ) from June 1-15, 2021. The following: the City of Santiago and Cagayan in Region II; Apayao, Benguet and Ifugao in CAR; Puerto Princesa in Region IV-B; Iloilo City; Zamboanga City, Zamboanga Sibugay, Zamboanga del Sur, and Zamboanga del Norte, I think it's the whole of the Zamboanga community; [Cagayan de Oro City]; Butuan City and Agusan del Sur in CARAGA.

Now nandito naman tayo sa general community quarantine: NCR, Bulacan, Rizal, Laguna and Cavite (with restrictions). Itong restriction ito 'yong parang limited number of persons magkain. Whenever there is a grouping of human beings eh talagang susundin ninyo, nag-social distancing, lahat na. These are the restrictions. Alam ninyo 'yan, alam na ninyo 'yan.

Baguio City, Kalinga, Mountain Province and Abra in CAR; Isabela, Nueva Vizcaya and Quirino in Region II; Batangas and Quezon in Region IV-A; Iligan City in Region X; Davao City in Region XI; Lanao del Sur and Cotabato City in BARMM. The rest of the Philippines will be under modified general community quarantine from June 1-30, 2021.

Last Monday, 28, we started our celebration of the National Flag Days culminating in June 12, the 123rd anniversary of the proclamation of Philippine Independence.

This is a special time for the entire nation and our people to express their reverence and respect to our National Flag. I believe that our respect for our national symbols and our pride in being Filipino is best expressed in our malasakit for each other, especially during the pandemic. We continue to practice minimum public health standards because we do not want the minimum --- because we do not want more people to get sick of COVID-19 --- that is malasakit. Then we urge all of you to get vaccinated with the vaccines available to us right now, because we want you, your families and your communities to be safe from the virus --- this is malasakit.

Alam mo, wala naman tayong sobra-sobrang bakuna pero they are coming in in bulk now. And as a matter of fact, we have I think almost a million plus na ready for vaccination of people.

Ganito na lang ang ano ko, I am directing Secretary Galvez to make a distribution parang pro rata, hindi naman lahat pero mabigyan 'yong ibang starting Iloilo, Zamboanga, Cagayan, Butuan, mabigyan lahat ang ano --- Surigao, then you go up to Leyte, Samar --- paghati-hatian natin ito tutal most of the… The bulk of the people of the NCR mayroon na ho silang bakuna. Kung magdating 'yong sunod na marami, eh you divide it amongst the local government units. Sana magawa ito sa madaling panahon.

Barangay officials are responsible in ensuring that minimum public health standards are observed in their jurisdiction. Those who failed to enforce this is to --- they are made responsible, accountable for the lapses. Alam mo, as I said, kakaunti lang ang persons in authority. Ako --- governor wala 'yan --- ako, barangay captain, pati mga maestra. Each and every teacher, each and every one of them, are really clothed with the person in authority. Sinadya 'yan ng batas para magkakaroon ng magandang takbo ng edukasyon ng bata, always obeying the teachers, at kaya 'yan siya person in authority.

Kaya 'yong nangyari doon sa 'yong babae na ayaw magpaaresto tapos pinaghahampas niya 'yong traffic aide or auxiliary, whatever, eh iyon ay agent of a person in authority.

Hindi na kailangan ang mayor. If the City Health officer would appoint one to assist him in the discharge of his duties, that person is clothed with the mandate of law as a pers --- agent of a person in authority.

Mayor, lahat pababa ay agent of a person in authority lang. Iyong mga pulis, mga general, they are not persons in authority; they are agents of a person in authority. Ako ang person in authority.

Now ngayon, kayong mga barangay captain, mayroon kayong mga tanod and even have the power to call upon the police to assist him. Upon orders of the barangay captain to the police, that order carries with it a the --- I said the cloth of --- covered with the power of a person in authority. Iyan ho ang tandaan ninyo.

Kaya kayo namang mga barangay captain, kayo 'yong mayor sa inyong lugar. Ngayon, 'pag nagpalpak 'yan hindi mo nakontrol and there is --- or there are celebrations everywhere and constituting a violation of the law, social distancing kagaya noong sa swimming pool, you arrest. The barangay captain should arrest the owner of the resort allowing people in numbers to be together in the swimming pool and enjoying --- well, they are enjoying but at the same time violating the law.

Now ngayon, hindi mo mahuli lahat 'yan. Alam mo kasi nakita mo sa

swimming pool may mga bata. Ang bata hindi mo talaga maaresto. You have to --- we'll just have to pick them up from the swimming pool and send them home. Ngayon ang mga nanay pati tatay, 'yon ang puwede. But a child under nine cannot be arrested or whatever. They cannot commit a crime kasi ang batas presumes that they have no sufficient discretion to commit a wrong in the eyes of the law.

Ang barangay captain diyan kung hindi mo kaya, tawagin mo pulis. Iyan ang dapat. Pero kung wala kang ginawa, that is a dereliction of duty. You do not --- you cannot escape by saying wala ka doon o ano. Eh barangay captain ka, ikaw 'yong mayor eh.

In the same manner, ako ang mayor noon, 'pag nagkamali ako, I am told to explain. In many instances nasulatan ako na explain na within 72 hours why you should not be held liable for... Eh sinasagot ko na, well, ito trabaho. Now if it is accepted, good. If not, then there's another administrative case, which can even lead to you being dismissed from the service.

On this note, I also make this appeal: All our LGUs implementing the national vaccination program, we need to administer the vaccines quickly because we do not have a vaccine site to become a spreader in event.

And not only that, kung marami na walang bakuna at 'yang bakuna na mayroon hindi niyo puwedeng bukas-bukasin 'yan kasi ang shelf life 'yong bakuna will expire on a certain day. And nakita ko the longest is about three, two months. Wala nang bisa 'yan, itatapon na 'yan. Just like one instance somewhere in ano, naging spoiled ang ano because nawalaan na 'yong temperature. Dapat nakabaon talaga 'yan sa ice and in storage na where the temperature is controlled. Failing that, we waste the vaccines which are important in making the people healthy.

Making them queue --- queue is ano, making them queue is palinyahin mo. Making them queue for an hour or longer exposes them to other risk. Please use technology and advanced approaches to make sure the entire process is more effective.

Huwag mong pahirapan 'yong tao na palinyahin ninyo. Either the day before magbigay kayo ng mga card. Simple lang naman 'yan, may number ano 'yong card. So 'yong 100 ngayong araw na 'to, 101, 102, eh kung sinong gustong magpabakuna, lumapit doon. Dito sa isang mesa, this is where you get the names, ibigay mo 'yong card. Then do it in such a way na you are there 15 minutes earlier para maghintay na lang to expedite the vaccination of people.

Huwag ninyong palinyahin init kasi eh magkakasakit rin ‘yan eh. It’s just the same. The very thing that you are trying to avoid will happen if you do not do that. Kaya ‘yang advanced approaches to make the entire process more effective is give them a card.

So the barangay captain has a list, alam ko ‘yan. Lahat barangay captain has a list of the people in his barangay. It behooves upon you guys to make sure that they are given the numbers and on appointed time and not make them ‘yong sabi ito ‘yong queue. Queue is palinyahin mo, linya. So ‘yan ang…

This is a… Galing ‘yan ng ano, binabasa ko lang ito. Galing ito sa Task Force. Ang Task Force mas mataas sa akin ‘yan. Ako ang nag-create ng Task Force. Binigyan ko sila ng power na sila ang magtulong sa gobyerno para itong COVID masugpo. Now, itong mga advisories nila are really mandatory. Mandatory ‘yan at ‘yong barangay captain must enforce.

Alam na ninyo kung papaano. At kung hindi mo kaya, ‘yong tanod mo. So ‘yong tanod mo becomes an agent of a person in authority. Ang tanod sa area ng barangay para ring pulis. Sa kanyang barangay lang to enforce the barangay or the --- to enforce the laws and the barangay resolution. Ang inyong tanod becomes automatic an agent of a person in authority.

It has come to the knowledge of the everybody sa Task Force that there are an alleged illegal sale of COVID-19 vaccination slots in Mandaluyong City. It is good that Chairman Benhur Abalos ng MMDA and Mandaluyong Mayor Menchie Abalos have acted on this quickly.

We will not allow… All vaccines of our people are given for free, libre ‘yan. Huwag kayong magbayad. Wala kayong gastusin niyan. Pumunta lang kayo doon sa nagbabakuna at babakunahan ka libre. Selling vaccination slot goes against the principle of equitable vaccine distribution.

Ano ba ang krimen mo? I am sure that iyong nagpapabili well, one is theft, kasi kuku --- nanakawin niya ‘yong ibibigay niya; second is anti-graft and corrupt practices law if you are a government official.

Ngayon kung sibilyan ka, bahala na ang pulis sa iyo kung anong gawin nila. Suportado ko ang pulis kung may gawain sa iyo diyan. I am directing our Department of Justice to determine what specific charges can be made.

One is theft, the other one would be --- kung sa gobyerno, sa anti-graft law, preju --- prejudicial to another, parang ganoon. Ngayon kung sibilyan ka, well, I'm sure na mayrooon, mayroon, there --- there has to be a law other --- aside from being 'yong the crime of theft kasi nakawin mo.

DILG SECRETARY EDUARDO AÑO: Sir, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Yes, sir.

SEC. AÑO: Mayroon po kaming nakita po 'yong violation ng Section 11 ng FDA law or FDA Act, ito po 'yong unauthorized sale po ng unregistered product dahil po 'yong ating vaccine ay under EUA, hindi po ito puwedeng ibenta o ipagbili. So puwede po 'yong sibilyan na kasuhan po nitong batas na ito.

PRESIDENT DUTERTE: That's good. Thank you for the information.

Recognizing its urgency, we have now included in our Category I --- category, all outbound overseas workers --- Filipino workers, especially those who have the --- who are due for deployment, iyong paalis. Also included under A1 are immediate member --- immediate family members and healthcare workers once vaccine supply becomes available.

So simple lang rin 'yan, ibig sabihin niyan malapit sila. They interact --- interface and interact with the patients. Healthcare workers, sila 'yong nag --- they take care of the people who are sick. So dala-dala nila minsan 'yong COVID. Kailangan sila nang maha --- mabakunahan kaagad.

Let us continue to protect our homes, communities and workplaces not because we are asked to --- hindi na sabihin na sinasabi sa inyo but because we care for each other. Mayroon siguro akong isa pa, itong our drive for dismissals from --- and suspended sa government service.

Khalid Mapandi, DFA, Foreign Affairs 'to – grave misconduct prejudicial to the best in service --- best interest of the service and violating reasonable rules and regulations, for the illegal issuance of Philippine Hajj passports to 177 Indonesians. Alam mo kasi kontrolado 'yang trip sa mag --- mag --- sa trip sa Mecca. Iyong mga Indonesians na hindi makasali doon, pumunta ng Pilipinas, dito sila binigyan ng passport as Filipino para maka… Khalid Mapandi 'yong gumawa nito, dismissed.

Gwyncel Kaye Bacwaden, Science Research Specialist – grave misconduct, serious dishonesty and conduct prejudicial to the best interest of the service, for the non-remittance of the collect --- collected fees from cooperators, dismissal.

Itong si Lope Cariño Jr., DENR, Senior Geologist - conduct prejudicial to the best interest of the service, for his in --- for his interest and involvement in the facilitation of processing of loan for a private entity engaged in mining.

So 'yan, medyo tapos na ang isang parte natin sa… Ako, I have given my advice, so that's about it. Ngayon dito na tayo sa presenter, the updates on COVID-19 response, si Secretary Duque. Sir, it's your turn.

DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III: Good evening, sir, Mr. President, and Senator Bong Go of the Senate Committee on Health chairperson; my fellow Cabinet members; and the principals of the IATF; at sa atin pong mga kababayan, magandang, magandang gabi po ating lahat.

At muli ako po ay magbabahagi sa inyo ng maikling ulat ukol sa atin pong COVID-19 situation at mga iba pa pong mga kaakibat na mga impormasyon na mahahalaga para po sa ating mga kababayan.

[Next slide.]

Dito po ay ngayong ika-31 ng Mayo, mayroon pong nadagdag na 6,684 na bagong kaso at --- *[Pakibalik lang 'yong slide. Iyan, 'yan, diyan lang muna*

tayo.] --- at sa bilang na ito naidagdag sa ating kaso: 972 ay mula po sa NCR; 934 sa Region IV-A; 753 sa Region III; at 4,025 sa natitirang mga rehiyon.

Para naman po sa ating mga aktibong kaso, ang bilang ngayon ng araw ng Mayo ay nasa 54,290 or four hun --- or 4.41 percent po ang porsyento nito ng ating mga kabuuang bilang ng kaso. At sa kabilang dako, ang ating recoveries ay umabot na sa 1,155,045 at ang ating recovery rate ay nasa humigit-kumulang 94 percent. Habang ang bilang ng mga pumanaw ay nasa 20,966, ang atin pong case fatality rate ay nananatili na 1.7 percent.

Para sa mga Pilipinong may edad na 50 hangga't mahigit sa 80 taong gulang, ang kanila pong case fatality rate ay nasa 5.5 percent. Ito po ay mataas. Ang ibig pong sabihin nito ay nakapagtala po tayo ng 17,200 deaths over 318,253 cases. At ito na rin po ang pinakadahilan kung bakit kinakailangan talagang uunahin po natin mabakunahan ang mga may edad, ang mga senior citizens at 'yon pong may mga kaakibat na mga medical conditions.

[Next slide.]

Ito naman po 'yong ating epidemic curve. Makikita po natin patuloy na --- ang nakaraang linggo po ay nakakita tayo ng bahagyang pagtaas ng mga kaso sa pang-national na litrato. At sa bawat island groups kasunod ito ng nakitang pagbaba at pag-plateau ng mga kaso noong simula ng Mayo.

So nandiyan po makikita natin 'yong kulay blue sa bar graph ay ang kinakatawan po nito ay ang NCR cases. At nakikita natin habang papunta tayo sa bandang kanan nitong bar graph ay lumiliit nang lumiliit 'yong porsyento ng NCR cases at ganoon din po ang --- ang susunod ang mga...

[Next slide, please.]

Ito po naman noong --- kung titingnan natin ang mga kaso kada island group, makikita na ang dahilan ng biglang pagtaas ay dahil sa pagtaas ng kaso lalo na sa Luzon at ang... Pwera ang NCR Plus, ang pulang linya na

nakikita niyo sa harap at Mindanao naman 'yong kulay orange, iyan po ay tumataas sila.

At sa nakalipas na pitong araw mula Mayo 25 hanggang 31, nakapagtala ang Luzon ng 2,008 na kaso kada araw, mas mataas sa 1,541 noong linggo bago rito ng May 18 to 24.

Bumibilis din naman ang pagtaas ng kaso sa Mindanao kaya binabantayan po natin ang Mindanao sa kasalukuyan kung saan mas marami ang mga kasong naitala kumpara po sa NCR. Sa nakalipas na pitong araw, May 25 hanggang 31, nakapagtala ang Mindanao ng 1,485 na kaso araw --- kada araw at mas mataas sa 980 noong linggo bago rito, iyong May 18 to 24. At bahagya rin tumataas ang kaso sa Visayas na nasa 863 na kaso kada araw nitong nakaraang linggo, May 25 to 31, mula 662 noong linggo bago rito ng May 18 to 24.

So iyan po ang nakalagay po diyan 'yong NCR Plus ay nagpa-plateau na. Hindi na po --- bumabagal na po 'yong pagbagsak ng mga kaso at ang Mindanao ay tumataas nang mabilis at ang --- mayroon pong trend reversal for the rest of Luzon at ang Visayas ay may dahan-dahan na pagtaas ng mga kaso.

[Next slide.]

Ito naman po makikita natin bagama't malaki na ang ibinuti natin kumpara noong peak ng surge noong Abril, maliit na lamang po ang improvement natin pagdating sa panukatan ng average daily attack rate at two-week growth rate kung ikukumpara ang ating lagay nitong nakaraang linggo at ang linggo bago rito.

Ayan po makikita natin ano, iyong May 9 to 22, ang nationwide ADAR natin nasa 5.42, bahagya na lang pong bumaba ito to 5.19. At ang NCR naman, from 10.06, bumaba ng 8.11 cases per 100,000 population per day at pareho pa rin po na nasa high risk kaya madalas ko pong sabihin we are not yet out of the woods dahil may kataasan pa rin po ang naitatala ng mga kaso kada araw.

Ganoon din po ang two-week growth rate. In fact sa two-week growth rate, makikita natin from May 2 to 15, 'yong -24 percent ay naging -13 percent. So ibig sabihin ho nito medyo nag-uumpisa na naman na bumibilis ang pagtaas ng kaso ganoon din po NCR, from -46 percent to -40 percent pero bahagya lang na bumilis ang atin pong mga kaso o ang hawaan.

[Next slide.]

Ganoon din po naman sa ating national healthcare utilization rate. Ang atin pong overall ay 54 percent noong peak ng April 13 to 15, nasa 48 percent po tayo ngayon pong Mayo 31. At ganoon din po bumaba po pangkalahatan kung pipirapirasuhin po natin ang mga bahagi ng atin healthcare systems capacity mula isolation beds hanggang mechanical ventilators makikita po natin sa bandang kanan ng slide ang malinaw na pagbagsak ng ating utilization rate. At...

[Next slide.]

Ganoon din po naman sa atin healthcare utilization rate para sa NCR noong peak overall 68 percent, ngayon nasa 40 percent na lang po, which is 28 percent lower. At ganoon din po sa mga bahagi ng ating health systems capacity ay bumaba din po lalo na ang ating ICU beds, malaki po ang ibinaba, from 64 percent --- from 88 percent, ito po ay nasa 53 percent na lang po, for a difference of 35 percent reduction in the ICU utilization rate.

So muli ang dahilan po nito ay dahil nag --- unti-unti hong bumababa ang kaso sa NCR at habang naka --- nagpunta po tayo sa ME --- ECQ, MECQ, at sa GCQ with heightened restrictions, sinamantala po natin itong mga community quarantine classification na ito na palawigin ang atin pong health systems capacity kaya nga po ito ang naging magandang resulta.

[Next slide.]

Ang Region IX naman and BARMM ay nasa critical risk ICU utilization rates. At habang nasa high risk ang Regions II, CAR, Region X, at Region VI, at ito po ay tinutugunan sa kasalukuyan ng ating National Task Force at mga local task forces kaakibat ng DILG at ng DOH at pina --- tinutulungan po natin na maparami ang kanilang mga --- mapalawig ang healthcare systems capacity po.

[So next slide.]

Ang atin naman death curve or mortality curve, makikita po natin ay bagama't patuloy ito nagpa-plateau sa mga nakaraang linggo, umabot na po sa 2,249 ang pumanaw at ito ang naitala nitong Mayo. Ang kaba --- ang equivalent po nito ay lumalabas na 73 mga pumapanaw per day. Based on this data, makikita po natin noong April 2021, 'yong kasagsagan ng atin pong spike ay nagkaroon po tayo ng 109 deaths per day. At ngayon naman pong Mayo ay malaki-laki po ang ibinaba nito, mga 25 porsyento, so nasa 73 deaths po tayo on the average daily.

[So next slide.]

Ito naman po panandalian lamang na report patungkol po sa ating vaccination rollout. Sa kasalukuyan, nakapagbigay na po tayo ng halos 5 milyon doses ng bakuna sa atin pong mga kababayan at nalagpasan na rin natin ang 1 milyong indibiduwal na nabigyan ng dalawang dose ng bakuna. Nitong nakaraang ika-20 ng Mayo, dumating sa bansa ang limampu't --- 50,000 dagdag na doses ng Sputnik V vaccines at ang pagdating ng mga karagdagang doses na ito po ay makatutulong sa ating paghahatid nang dagdag na proteksyon sa bawat Pilipino.

At ang susunod po, panghuling slide at ito po ang karga ay ang pangunahing mensahe at mga paalala. Una, nakakakita tayo ng pagtaas ng mga naitatalang kaso nationally pati na rin sa lahat ng island groups simula noong Huwebes and ito rin po ang nakikita natin na bahagyang pagtaas sa positive --- positivity rate. Pinakamalaking naitalang pagtaas ay sa Mindanao at Luzon, excluding NCR Plus.

Ikalawa, dahil sa limitadong supply ng COVID-19 beds sa ibang rehiyon, nagdudulot ng pagtaas sa high at critical risk healthcare utilization rate ang mga maliliit na pagtaas. Kaya naman pinaaalalahanan namin ang mga Centers for Health Development ng DOH at mga ospital na maglaan ng sapat na healthcare capacity bago pa man magkaroon ng pagtaas sa kanilang utilization rate.

Ikatlo ay patuloy dapat ang pagsunod sa minimum public health standards at kinakailangan mapabilis ang pag-isolate sa mga kaso. Dapat ay komunsulta agad kung may nararamdamang sintomas at agad na mag-isolate at kinakailangan aktibo ang ating mga LGU po sa paghahanap ng kaso.

At ang ikahuli, magpabakuna kung ikaw ay kabilang sa priority groups. Kabilang sa ating priority groups ang atin pong mga vulnerable populations na kinakailangan maprotektahan agad laban po sa COVID. At para sa ating mga priority groups A1 to A3, magtatalaga ang inyo pong mga LGUs ng mga priority or express lane.

So ito na lamang po ang pinakahuling ulat at ako po'y handang sumagot po sa inyong mga katanungan. Salamat po, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat, Secretary Duque. Now, we would like to call on Secretary Galvez to make a report about the updates of the vaccination program.

NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE CZAR CARLITO GALVEZ JR.: Mr. President, Senator Bong Go, my fellow Cabinet members, magandang gabi po. Sa ngayon po ay mag-uulat po tayo ng ating updates sa ating National Vaccination Program.

Mr. President, marami po tayong good news. Unang-una po, na-breach na po natin 'yong 5 million mark last ano sir last Friday. Meaning, hindi pa po natatapos ang Mayo ay na-breach na po natin 'yong 5 million mark.

Sa totoo lang po, iyong ano po ito po na-triple po 'yong output po natin. Noong March-April, 1 million lang po tayo ng 40 days. Ngayon po, na-triple po natin. Hindi pa umaabot ang end ng ano ng May ay 3 milyon po ang ating nabakunahan.

At ang nakikita po natin gumaganda na rin po ang ating datos dahil two consecutive weeks na po na 1 million per week na po tayo. So maganda po ang ating naging pagbabakuna noong nakaraang dalawang linggo.

At ngayon po ang Pilipinas na ay mayroon ng pinakamataas na vaccine administration throughput o 'yong tinatawag natin na tempo dahil sa ASEAN po, tayo po ang pinakamataas na 150,000 per day. Mamaya po ilalagay po natin 'yan sa chart. Ie-explain po namin.

And then ang magandang balita rin po, mayroon na tayong steady supply from COVAX at nagpapasalamat po tayo sa WHO at saka GAVI na mayroon na po tayong 2 million doses na inaasahan every month.

So last month po nagkaroon po tayo ng 2 million na AstraZeneca at 100 --- 93,000 po na Pfizer. Sa ngayon po magkakaroon din po tayo ng another 2.2 na Pfizer at most likely magkakaroon din po tayo ng another 2 million na AstraZeneca. At sa vaccine supply will be stabilized by month of July. Ma-stabilize na po ang AstraZeneca, Moderna, Sinovac, at Sputnik V.

At ang magandang balita po, tumawag po sa akin si US Ambassador ano sa US sa Washington si Ambassador Romualdez na sinasabi niya po na most likely po magbibigay po ang Pilipin --- ang US na nag-decide na po sila na magkaroon po ng tinatawag na magsi-share po sila ng excess doses na 80 million and they have given an assurance that the Philippines is one of the top priority for distribution. At naka-receive din po ako ng official letter na sinasabi nga po na talaga ang Pilipinas ang isa sa pinakamauuna na mabibigyan po ng mga vaccine. At nagpapasalamat po tayo sa US Embassy at the same time sa ating US Ambassador to Washington si Ambassador Babe Romualdez.

And then ito pong panlima, marami po ngayong mga LGUs are scaling up their capacities at nabi-break po nila ang kanilang mga ano ang kanilang mga records. Lalong-lalo na po 'yong Quezon City na ang record nila is 8,000 lang; ngayon, nagsi-16,000 at saka nagna-19,000. Manila, ganoon din, nabi-break na po nila 21,000. At marami po sa ating mga NCR mayors sa Mandaluyong at iba pang mga ano ang Taguig at ang iba pang mga ano mga mayors ay nagpupunyagi na nakikita po natin kayang-kayang i-break 'yong 120,000 a month.

And then iyong business sector is ready and committed to produce additional vaccination output. Kanina po, nagpunta po ako doon sa Solaire at ipinakita po nila 'yong multi-level na ano na vaccination site. Puwede po doon sa ano po sa tinatawag na car park for tinatawag nating may mga vaccination centers po sila doon. Then doon sa 5th floor at saka 7th floor, mayroon din po silang mga vaccination site at iyon po ay kayang-kaya po 'yong 3,000 to 6,000 a day.

Ganoon din po 'yong mga big hospitals. Nagtatayo rin po sila ng mga malalaking vaccination sites and then iyong T3 ano natin T3 forum po natin sa mga --- ng mga business sector, naga-ano sir, ginagamit na po ang mga malls: Ayala Malls, SM Malls, Robinsons, at saka po 'yong atin pong mga different hotels, mga function rooms ay ginagamit na rin po nila. Iyon po ay napakagandang halimbawa na talagang tumutulong po ang ating private sector. At they can produce more or less nakita namin 'yong kanilang mga volumes, they can produce in a year na more or less 18 million ang magiging contribution po nila.

And then ito pong napakaganda po, Mr. President, dahil po sa inyong masusing pag-ano po na talagang walang corruption sa ating tinatawag na pagbili ng vaccine, ang Pilipinas po is rated as one of the top in the Global COVID-19 on International Budget Partnership (IBP) results on Global

Scorecard for Accountability. Kasama po natin nasa 120 countries na nag-top po tayo kasama ang Australia, Peru, at saka Norway.

Ito po ang report po ng DBM na nakita po na talagang ang Congress ay binibigyan natin ng report at nakita po natin 'yong distribution ng Bayanihan ano po Bayanihan 1, nakita po nila na malinis talaga po ang ating pagbibigay ng mga ayuda at nakita po nila na talagang iyong mga reporting po natin sa public and, at the same time, itong mga ginagawa po nating *"Talk to the People"* ay nakikita po ng ibang bansa na very transparent po tayo sa ating mga ginagawa ngayon sa ating COVID-19 despite na marami pong mga fake news.

Then on the word of caution --- *[Next slide, please.]* --- nakikita po natin sa report po ni Secretary Duque na talagang umaakyat po ang mga kaso sa mga ibang bansa. Unang-una po, nakita po natin sa Malaysia na napakataas na po ng kaso nila at nakikita natin po kung makikita natin 'yong pinakadulo doon sa May 29, halos lahat po ng ano ng ano ng bansa Indonesia and even Viet Nam and then Cambodia and even Thailand na dating kayang-kaya po nila iyong kanilang tinatawag na response ay halos nakikita natin papataas po lahat ang kanilang mga kaso. Meaning talagang ano po nito tama po 'yong sinasabi ni Secretary Duque na talagang maging maingat po tayo sa ating preventive measure. Lagi tayong magwi-wear ng mask at paiigtingin po natin ang ating testing, tracing and isolation, and also 'yong vaccination. Sa ngayon po ang strategy po natin is basically 'yong sinasabi nga po ni Secretary Roque na talagang 'yong wearing of masks, 'yong testing, tracing, isolate, and vaccinate.

[Next slide please.]

Sir, ito po 'yong ipinapakita ko po sa inyo na sa ASEAN po, ang Philippines na po ang pinakahighest throughput per among capital --- among the 5 largest ASEAN countries. Ibig sabihin po ng throughput, tayo na po ang malakas mag-inject ng jabs every ano, every day. So kung makikita po natin 'yong sa atin po 'yong kulay green na nagsimula po tayo ng medyo ano po na tinatawag nating crawl and walk and then nakita natin na medyo tayo po tumataas na po ang ating capacity. So nakita natin nauna na po tayo sa Thailand at saka naiwanan na rin po natin ang Indonesia in terms of 'yong 100 --- iyong tinatawag nating jabs per day.

So ito pong magandang ano magandang pangitain po ito na talagang iyong ating mga LGUs at saka ang ating mga taga-DOH na nagsu-supervise ng ating pagbabakuna ay talagang very ano po, very systematic ang ginagawa po natin.

At saka mayroon pong room for improvement dahil kasi iyong pinakamataas nating nakuha na pagbabakuna sa isang araw ay humigit- kumulang po na 327 per day. Ito po medyo naano po tayo nang kaunti dahil kulang pa rin po 'yong ating mga bakuna. Pero pagka once na nagkaroon tayo ng malaking mga supply ng bakuna, lalo pong tataas ang ating tinatawag na jabs per day.

[Next slide, please.]

At inaasahan po natin na doon po sa ano sa ating ano sa ating, Mr. President, inaasahan po natin na sa 3rd quarter po tataas po tayo ng 500,000 per day. Ibig sabihin ngayong June, parang nasa ano po sa sasakyan po, Mr. President, noong March at saka April po parang primera at segunda pa lang po tayo.

Noong May, nag-tercera tayo nang kaunti. Ngayong June at saka April, ito na po 'yong tinatawag nating magku-cruising speed na po tayo. Tayo po ay aarangkada na para sa mga tinatawag nating cuarta at quinta natin. Ito na po 'yong patataasin na po natin 'yong ating jabs per day na kayang-kaya po natin 'yong 500k to 740k per day. This is parang 'yong simulation chart po natin na pagka dumami po ang ating ano ang ating mga volumes ay tataas na rin po ang ating vaccination.

[Next slide, please.]

Sir, ito po 'yong actual details ng vaccination po natin. Nakikita po natin ang ating output na po ngayon is 5,180,721. At nakikita po natin na 'yong ating A1, 'yong healthcare workers, kaunti na lang po ang kanyang ano kanyang tinatawag na pagitan. Tayo po ay naka-93 percent na po sa A1.

And then po sa A2, sa mga senior citizens, more than 1.3 million na po ang ating nababakunahan out of 9.8 million. At ang ating A3, 'yong mga may comorbidities ay 1.17 million out of 5 million na target population.

So makikita po natin na talagang tumataas na po ang ating capacity, at the same time, nakikita po natin 'yong naka-deploy po natin na more than 8 million ay kakaunti na lang po ang natira. Mayroon na lang po tayong 3,148,[000] na naka- dedicate po 'yon sa second dose at saka mga first dose na gagawin po natin.

Sa ngayon po ang vaccination ano po natin, ang vaccination site natin is 3,850 at tayo po ay magkakaroon po ng mga tinatawag na more or less 5,000 to 6,000 vaccination sites.

[Next slide, please.]

Sir, ito po ang dumating po noong May, mayroon po tayong natanggap na 4.3 million. Ito po ay nanggaling sa 2 million na Sinovac na nabili po natin, 'yong 80,000 na nabili rin po natin at ang COVAX facility na nag-deliver ng 2,030,400 na AstraZeneca at 193,050 doses ng Pfizer. So sa ngayon po may total na inventory na po tayo na 8.3 million.

This coming June po, maganda po ang --- magiging steady na ang supply ng Sinovac. This coming June makaka-receive na po tayo ng 1 million pero ang Sinovac po sa June, magbibigay po sila ng 4,500,000. At sinasabi po nila na baka po 'yong sa --- 'yong ating tripartite agreement with the Chinese Chambers at saka po 'yong sa me --- sa Manila na more or less 900,000 ay ba --- puwede rin pong maibigay this coming June.

Ang Pfizer po ay magbibigay po, through COVAX, ng 2.2 million doses. So matatanggap po natin sa June 7 ang 1.3 million at ang remaining po sa June 11. Sa June 21 darating na po ang Moderna kaya po naghahanda po ang ICTSI under Mr. Razon at saka po 'yong Ayala dahil darating na po 'yong more or less na 50,000 na nabili nila sa Moderna.

At ang AstraZeneca ay magbibigay rin po, through COVAX, ng 2 million at saka ang Sputnik ay another 1 million. So more or less mayroon po tayong 10 million na mare-receive sa June. So nakikita po natin aarangkada po tayo sa June kaya puwede po tayong mag-open sa ating mga A4 at saka A5, just in case na ma-saturate na po natin 'yong tinatawag nating A2 at saka po 'yong A3.

[Next slide, please. Iyong last slide po.]

Sir, kung titingnan po natin ito po ang instruction po ng ating DOH, na tapusin po natin 'yong A1 at A2, at saka A3. Kung matapos po natin ng more or less 19 to 25 million, ito na po 'yong tinatawag na, Mr. President, na

population protection. Ito po mako-contain na po natin 'yong death at saka hospitalization at saka sinasabi nga po ng ating WHO na the disease burden will be reduced pagka po nakuha natin 'yong A1, A2 at saka A3.

Kaya po ang WHO at saka 'yang DOH, at ang ating NITAG ay talagang puspusan po ang recommendation nila sa mga LGU. Kaya nga po nagko-coordinate po kami kay Secretary Año na talagang magbahay-bahay at saka talagang i-increase ang access.

At 'yong iba nga po, katulad ng Taguig, sinusundo pa po sa lahat ng ano ng barangay ang kanilang mga ano po ang kanilang mga tinatawag nating mga --- 'yong tinatawag nating mga seniors and also 'yong sa mga ibang lugar na talagang binabahay-bahay po nila.

So 'yon po ang ano po natin na pagka nakuha po natin ang A1 at saka A2 at saka A3 ay magkakaroon na po tayo ng population protection. At more or less, siguro po, Mr. President, na mid-June, doon na po tayo magi-start ng A4 at saka A5, pagka mayroon na po tayong enough volume.

And then we are --- considering also that by August, magkakaroon na po tayo ng mass vaccination, wherein all adult at saka po 'yong tinatawag po natin na baka 'yong --- 'yong 12 years old and above ay magkaroon na po ng EUA.

So 'yon lang po, Mr. President, at sa ngayon po puspusan po ang National Vaccine and Operation Center under Usec. Cabotaje na talagang magkaroon po tayo ng magandang pagva-vaccine ngayong June po. Ang target po natin ngayong June, 5 million po ngayong June ang ating tatarget-in na makuha para magkaroon po tayo ng at least 10 percent by end of June.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat, Secretary Galvez. Now, I'd like you to know if we are familiar already with this, that COVAX is soliciting contributions from countries who can help.

Now COVAX is the one --- is an --- almost an organ operating under --- an agency operating under the WHO. Iyong ipamigay nila sa ano, it's the operating unit of the WHO na namimigay ng bakuna, libre nung una.

Itong binibigay ng COVAX sa atin marami at ngayon, bumawi naman sila na nagkukulang na 'yong pera nila to help other countries, maybe including the Philippines, and they are asking for contributions para makabili pa sila, to keep the operation running because they --- well, probably are running low

of funds also; and they have asked the Philippines formally for a donation. Ako, that is 1 million dollars, that's about 50 million pesos. *[applause]*

We are… Magko-contribute po ako kasi napakabuti ng COVAX sa atin. At the time we needed it most, one of the earliest agencies to help us aside from the --- the contributions made by China. Ito 'yong lib --- binibigay ito because sa ano ito sa United Nations, WHO-World Health Organization, at ito 'yong operating unit nila na namimigay ng bakuna.

We were recipients of COVAX vaccines many times and it has helped a lot in our desire to vaccinate Filipinos. Ngayon sila naman ang nagkulang ng pera, maybe because they are helping other nations all over the world. And as --- well, as a beneficiary of the generosity of COVAX and their desire also to help people, we will answer their pleadings of donation. I'm --- Philippines is giving 1 million dollars. *[applause]* So 'yan ho ang ano natin it's --- it's our turn also to return the goodwill that they have shown.

Now, the next presenter is Secretary Año, 'yong updates ng ayuda and the vaccination efforts of which they are also a part of, and the illegal drug campaign. Secretary Año, you have...

SEC. AÑO: Thank you po. Magandang gabi po, Mr. President, fellow public servants.

Masaya ko pong ibabalita sa ating Pangulo na naka-100 porsyento na po ang status nang pamamahagi ng ayuda sa NCR Plus. Kaya gusto po nating bigyan ng pagkilala at binabati natin ang mga governors, ang chairman ng MMDA, ang ating mga mayors, ang mga barangay captains ng NCR Plus, mga kawani ng DILG, DSWD at DND sa 100 percent accomplishment.

22,889,119 ang kabuuang bilang ng ating mga kababayang nakatanggap na ng ayuda sa ngayon. Out of the 22.9 billion po na inutos ninyong ipamigay, 22.88 billion ang tinanggap ng ating mga kababayan.

Zero point one percent ng nakalaang pondo sa ayuda o katumbas ng P26,302,856 po ang idinekra --- idineklara ng walong LGUs sa NCR Plus na sobra sa nakatala at naberipika nilang bilang ng mga benepisyaryo kaya naman po handa ang mga LGUs na ito na ibalik ang sobrang pondo sa Bureau of Treasury.

[Next slide, please.]

Ito po ang breakdown: sa National Capital Region, 11.16 billion po ang naipamigay; at ang Navotas po ang magsasauli ng P4,857,000 na ibabalik sa Treasury. Sa Bulacan province, 100 percent po ang kanilang ipinamigay. Sa kabuuang 2.96 billion. Sa Cavite, 3.42 billion naman ang naipamahagi. At ang mga bayan ng Bacoor, Imus, Alfonso, General Emilio Aguinaldo at Magallanes ay magbabalik ng pondong nagkakahalaga ng mahigit P20,539,300. Sa probinsiya ng Laguna, nakapagbigay sila ng 2.71 billion. At ang munisipyo ng Los Baños ay magbabalik ng P65,546 sa ating Bureau of Treasury. At sa Rizal province, 2.61 billion ang naipamahagi at ang tanging bayan ng Baras, Rizal ang may idineklarang sobrang pondo na nagkakahalagang P841,000. So 100 percent accomplishment na po tayo.

[Next slide, please.]

Patungkol sa pagpapanatili ng kaligtasan at seguridad ng lahat ngayong panahon ng pandemya, kapansin-pansin ang pagtaas ng mga naitalang violations mula ika-17 hanggang ika-30 ng Mayo. Ito ay dahil po sa inyong pag-uutos na higpitan ang paghuli at pagsaway sa mga hindi nagsusuot ng maskara – 95,357 ang mga taong nahuli ng ating Philippine National Police at ng LGUs na walang suot na face mask. Ang 3, 657 ay kinasuhan po dito at ang iba ay warning, pinagmulta, at nag-community service.

May naitala rin na 1,697 na violators ng mass gathering sa kabila ng patuloy na pagpapaalala sa ating mamamayang mahigpit pa rin natin itong ipinagbabawal. Napansin po namin ang mass gathering ay nagaganap sa panahon ng weekend.

Umabot din sa 28,533 ang violators ng physical distancing. Dahil sa nakita nating pagtaas ng violations, magtutulungan ang DILG, PNP at DOJ upang mapaigting ang pagdidisiplina at pagpaparusa sa mga lumalabag sa mga lokal at national na batas, ordinansa at protocol na naglalayong mabawasan at tuluyang mapigil ang pagkalat ng COVID-19 sa bansa.

Bukas po ay maglalabas ang DILG, DOJ and PNP ng isang joint memo circular tungkol po sa guidelines covering violations of health and safety ordinances, quarantine-related violations, and other related violations during the public health emergency.

[Next slide.]

Base sa datos na nakuha natin noong 29 ng Mayo, 26,12[5] na ang mga LGUs nakapagsumite ng kanilang kumpletong vaccination plan alinsunod sa DILG Memo Circular no. 2021-007. Ito po ay para sa paghahanda ng

darating nating mga bakuna sa susunod na mga buwan.

Next month po, ayon kay Secretary Galvez, ay magsisimula nating buksan ang A4 at pati na rin ang A5. Kaya po bilang paghahanda ay nire-remind pa rin natin ang mga LGUs na bigyan ng priority ang A1, A2 at A3 sa pamamagitan ng pagi-establish ng fast lane or special lane, ang simpleng registration para sa ating mga seniors at may mga kapansanan at pagbibigay ng special na serbisyo sa ating A2 at A3 sa pamamagitan ng house-to-house vaccination at pagpo-provide ng shuttle services para sigurado pong mapunuan natin ang ating A2 at A3 na mabakunahan sapagkat sila po ang mga vulnerable sectors.

[Next slide, please.]

Sa ating patuloy na kampanya naman po laban sa ilegal na droga, sa datos na nakalap ng ating pambansang kapulisan, may naitalang walong mga drug personalities ang kusang sumuko sa awtoridad mula ika-26 hanggang ika-30 ng Mayo sa taong ito.

Sa mga araw din na ito, umabot sa 1,002 ang ginawang anti-illegal drug operations ng ating kapulisan at iba pang mga ahensya. At sa mga ginawang operations, mayroong naitalang 1,356 na mga drug personalities na naaresto, habang 26 na mga personalidad naman ang naitalang namatay sa mga nagawang anti-illegal drug operations. Sa kabuuan po, P46,313,965 ang nasamsam ng ating awtoridad sa period na ito.

Iyon lamang po, Mr. President. Thank you.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat, Secretary Año. Itong drugs under the --- under the, well, supervision of Secretary Año dito sa pulis, I'm just making a statement about the deaths na hanggang ngayon. Despite of our, well, advice to you know to --- if it's possible to hindi na lang makipagbarilan, eh talagang lumalaban itong mga durugista.

Now this is really a lesson for the human rights, everyday until now nandiyan 'yan. I suggest that you go to the police and look into the records of these deaths. Now gusto ninyong kunin, may --- hindi namin maibigay lahat not because we are hiding some facts that known to us, unknown to you.

Eh kasali na dito 'yong --- eh national security issue 'to eh kagaya rin ng mga NPA. We have records that those who have died but who have

derogatory records in our files and may mga references sila na tao and what they do, we cannot divulge it to anybody but only to the military and to the police.

I do not even know kung sino ‘yang mga ‘yan. I do not ask it and I do not bother to really go out of my way knowing because kasali ako sa mga tao na hindi alam. What I get is the result of the operations. But as to the basis and to the people involved and suspects and ‘yong mga references nila at ‘yong mga sources ng information, this cannot be revealed.

I said, ako mismo --- I don’t know if Secretary Año knows about it --- but ako, hindi ako. I --- result-oriented lang ako. Kung ano ‘yong --- ano ‘yong operations ng PDEA, eh sila ‘yan. Hindi ko sabihin na kasalanan nila o may kasalanan sila.

As a matter of fact, ang sinabi ko itong mga pulis o military who perform their duties and had to kill their adversaries, lalo na sa droga pati itong mga NPA, hindi ho namin puwede ibigay lahat. You can go into the maybe query as to how the battle was fought, how the gunfight started.

But pero kung sabihin mo what prompted the police and the military to go into this kind of operation based on their reports and collated mga dossier, hindi ho ninyo puwedeng pakialaman ‘yan. Truth --- as a matter of fact, sabihin ko totoo ‘yan. Maski tanungin ninyo, ni hindi ako minsan nagtanong kung ano-ano ‘yan.

It’s because I know that it’s just confidential. And kung hindi nila ipresenta sa akin, I do not ask for it. But kung mayroon silang kagaya ng mga NPA tapos malalaking personalities, they only tell me --- tell me who they are, but as to where they are and how they should be arrested, it’s none of my business really as President.

Kaya ako mismo hindi naka --- nakakakita ng mga records na ‘yan. And I can understand when the military and the police would withhold them kasi hindi talaga dapat malaman ninyo. Iyan ang na --- you know --- hindi dito sabihin mo na public documents.

Well, there are public documents that can be shown to the public at large and anybody who's interested can get it. Now, itong sabihin mo na confidential documents, hindi mo puwedeng tingnan 'yan. Eh di tingnan lang ninyo kung anong nangyari. We do not mind you even accompanying or be with a team that are operating --- the different teams operate --- you are your --- you are invited to join.

Puwede kayong mag-ano --- you can keep a healthy distance and see how the government operates. Ganoon, because in the process marami ho akong pulis napatay. Every now and then, almost weekly, may pulis talaga akong namatay including the military.

So iyan ang tandaan ninyo. It's not pinatay namin 'yong lahat ng mga masasamang tao. Eh 'yong mabubuting tao, 'yong mga sundalo ko nagtatrabaho lang, pulis, patay rin 'yan sila --- and in numbers. Mabuti lang 'yon kasi trained itong pulis pati military, ipalaban mo diyan sa mga NPA na ano man 'yan, walang training 'yan kung hindi ambush pati --- karamihan sa kanila car bomb, binobomba nila pagdaan ng ano. Diyan sila mahusay.

Pero kung sabihin mo na magtaka ka kung bakit maraming patay sa kanila, eh talaga eh itong pulis ko pati army ko they are trained to kill. Anong purpose pala nila pagkasundalo pati pulis? Among other duties, sa pulis marami. They have to deal with the civilian population. Ang military talagang hinahanap lang 'yan panghuli o pampatay. Huwag na tayong magbolahan dito. They are trained to be soldiers and they are not --- they are not allowed to kill a man kneeling down o nakatalikod. Bawal talaga 'yan at ako mismo sinasabi ko bawal.

Iyong nakaharap na may dalang baril. Itong mga durugista eh ilaban mo sa pulis, ilaban mo diyan sa military na may training, talagang mamamatay 'yan sigurado. And sabihin mo na sinadya na patay, hindi 'yan. Lumaban talaga 'yan.

Kay kung patayin mo lang lahat ng durugista, ah puno 'yang punerarya. Hindi 'yan maubusan ng kliyente. Mayroon dito minsan namatay isa, dalawa,

itong mga durugista. Hindi --- we are not after for the ito --- itong ano, itong shabu ito 'yong mga --- ito 'yong mga talagang kingpin, itong mga drug lord. From the drug lords, mayroon 'yan silang tinyente na magdi-distribute. Saan i-distribute? Doon sa mga peddlers, basurero. Wala kaming makuha diyan. Kay kung hulihin mo lahat o patayin mo 'yan, walang kwenta.

Ngayon, sabihin mo patayin, 'yong iba pinapatay talaga ng mga drug lords kasi 'pag minsan maghuli, para maputol 'yong kuwento hindi umabot sa kanila, sila na mismo ang papatay sa tao nila. Lalo na kung may parang may na --- may naamoy na ang gobyerno tapos tinitingnan nila 'pag mahuli itong tao na ito pap --- papiyait (squeal) ito, sila na 'yang mga drug lords ang pumatay tapos tayo --- kami ang pagbintangan. Iyan ang totoo diyan.

So be careful in your --- especially the Human Rights --- be careful in your evaluation and assessment because hindi lang ang gobyerno marunong pumatay. Iyong mga NPA pati 'yong mga drug lords marunong pumatay 'yan. Iyan ang problema diyan.

Kaya sinasabi ko ako naman on my part, kasi nakikita ko na mayroon pa rin hanggang ngayon shabu at ma-distribute 'yan sa mga tao --- kaya kita mo 'yang mga courier hindi mo nga akalain 'yong babae pala na lumaban ng traffic aide, pinagsub --- pinagsasampal niya, was really a courier. Ganoon ang buhay ng --- marami 'yan. Marami 'yan dito sa Pilipinas because drug remains to be a problem.

Marami at marami pang mamamatay. Pero kita mo naman how a government personnel would handle the situation. Nagpabugbog lang siya kasi babae, not knowing na courier 'yan. Kay kung nalaman nila na may shabu diyan, they were couriers, eh hindi ganoon ang reaksyon ng kuwan. Talagang hulihin 'yan at kung baliin 'yong kamay, baliin mo.

Eh iniipit niya 'yong kamay ng… Tama 'yon. Gusto kong makilala 'yong ano, 'yong… You know, it was a grace under --- grace under ano. Basta't tumindig lang 'yon doon. At sabihin ko sa iyo kung droga 'yon, hindi ganoon reaksyon ng --- talagang hilain 'yan tapos pababain.

Remember, they are agents of a person in authority. Iyong babae mayroon ‘yon, direct assault. At ah --- iyon ‘yong kaso, iyong kaso niya from slight o serious physical injuries. So ang mabigat doon is iyong direct assault niya aside from resisting an arrest.

Ngayon, kung may baril ‘yon, ah barilan na. May mamamatay na naman. Buti’t na lang hindi nagdadala ng mga baril ‘yong mga… Eh ito ‘yong mga basurero eh. Basura ‘yon, ang tawag sa kanila basurero. Hindi ‘yon drug lord, maliit lang ‘yon nagde-deliver. Courier nga, ibig sabihin tagadala. Kasi kung drug lord ‘yon, ah patay.

Hindi ako mag-ano kung drug lord ka tapos por sako ang ano mo, patay --- patay ka talaga. As in, mabuti nga. Why? Because I have said you have destroyed my country or you are trying to destroy my country at saka gusto mong sirain ang buhay ng mga anak namin na babae at lalaki.

Kita mo ‘yong ano, nasira ang buhay noon, dahil ‘yon sa droga. You are trying to, you know, kill --- kill the young people in this country. Kaya ako, papatayin talaga kita. Kung ako ang nandoon, papatayin kita. Eh sus, wala akong pakialam kung may mga TV diyan, papatayin talaga kita. Sa ginawa mo?

Now, wala ka man, Bong? Wala kang report? Secretary Lorenzana, you have something to say?

DND SECRETARY DELFIN LORENZANA: I have nothing to report tonight, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Then we go to... We reserve the last for Secretary Roque. Si Secretary Panelo na nga. Ano itong sa kanya via teleconferencing. Secretary Panelo, are you ready? We are ready to listen to you.

CHIEF PRESIDENTIAL LEGAL COUNSEL SALVADOR PANELO: Mr. President, mayroon lang ho ako itatanong. Kasi ---

PRESIDENT DUTERTE: Ano po?

SEC. PANELO: --- galing ako kanina sa --- galing ako kanina sa bangko, sa UCPB. And then nakausap ko 'yong mga empleyado roon, eh pinapagbayad daw sila ng bakuna, dine-deduct sa salary nila. Eh ang pagkakaalam ko kako eh libre 'yong bakuna, bakit? Eh supposed to be UCPB is state-run dahil tayo ang nagpapatakbo ng UCPB ngayon. Eh bakit kako dine-deduct ang salary nila? Parang mali kako yata 'yon eh.

PRESIDENT DUTERTE: Itong bangko ---

SEC. PANELO: Hindi ko malaman ---

PRESIDENT DUTERTE: Let me ask you a question. Itong bangko?

SEC. PANELO: Bangko, UCPB.

PRESIDENT DUTERTE: Tapos it's a private ---

SEC. PANELO: Iyong mga managers ho --- iyong mga managers nila eh pinapagbayad daw dine-deduct sa mga salary nila pambayad sa bakuna.

PRESIDENT DUTERTE: Private ano 'yan, Sal. So mahirapan tayong ---

SEC. PANELO: No, hindi niyo ba... Hindi ba may-ari ng UCPB, mayroon tayong ano diyan? May hawak tayo diyan ‘di ba? Parang na ano ‘yan.

PRESIDENT DUTERTE: Well, government is a --- as a --- may exposure ang gobyerno diyan. You are correct pero baka binili talaga ng bangko rin 'yong bakuna, so medyo hindi tayo puwedeng…

We cannot intrude into the internal --- iyong internal business ng isang private entity. It's considered private entity although we have I said an exposure. How much? I do not know but I am sure that we have. May pera ang gobyerno diyan.

SEC. PANELO: Iyon lang ho, nagtataka lang ako.

PRESIDENT DUTERTE: Ano, ano pa? What else? What else do you have in mind?

SEC. PANELO: Well, iyon hong --- 'yong napag-usapan natin tungkol doon sa mga violators. Kasi may narinig akong nagsabi na wala daw penalty, eh may penalty ho 'yong reckless imprudence resulting to...

PRESIDENT DUTERTE: Correct.

SEC. PANELO: Hindi totoo na walang penalty, may penalty 'yon eh. Life in prison nga, hanggang prision correccional nga 'yon, anim na taon eh depende kung anong degree ang crime.

PRESIDENT DUTERTE: Iyon ang hindi nasilip. It could be --- you can use that although hindi ginagamit. It has not been used in that kind of situation. But I said if you take the law literally vis-à-vis with the violations, puwede ngang idemanda sila. Violators 'yong --- iyong reckle…

SEC. PANELO: Eh 'di ba nga 'yong sa Dengvaxia, Mr. President, dinedemanda nga nila reckless imprudence resulting to homicide.

PRESIDENT DUTERTE: Correct, correct. Puwede 'yang gamitin. Pag-aralan mo nga at bigyan mo kami ng --- supply us with the guidelines.

SEC. PANELO: I will give you a memorandum, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Ladies and gentlemen, si Secretary Panelo is the Presidential Legal Adviser. So his word carries a lot of weight and come to think of it really, puwede kung anuhin --- anuhan mo 'yong batas kung wala nang iba. Kung naubusan ko na 'yan ang...

Pero kasi, Sal, itong violator ano lang naman ito eh talagang recklessness 'yong... Tama ka, reckless. Pero masyadong mabigat 'yong penalty medyo --- medyo para sa akin for having contaminated another, we have to prove it and then 'yong batas medyo mabigat 'yong penalty. I would have second thoughts of enforcing it actually. But you are correct puwede talaga.

Anything else?

SEC. PANELO: Wala na, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Wala na?

SEC. PANELO: Wala na po, Ginoong Pangulo. Iyon lang.

PRESIDENT DUTERTE: Ano daw? Wala na? Kung wala ka nang sabihin, Sal, thank you for your... Well, your comment about the provisions of the Revised Penal Code under the reckless imprudence, hindi naman talaga with intent 'yan. But if you go around distributing your germs, that is really reckless of you. Lalo na 'yong alam na niya na...

Ito, ito puwede 'yang 'yong alam niya na mayroon na siya, tapos ganoon pa man painom-inom doon, hawa dito hawa doon, then that person who can be identified as the source of the contamination of that group ay pupuwede talaga.

So I agree with you, you are correct there in… Okay.

SEC. PANELO: Thank you.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you for the...

SEC. PANELO: Mr. President, thank you.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you for the, well, legal advice.

Now, we'd call upon Secretary Roque to give us his...

PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE: Thank you, Mayor. Actually ito pong report ko ay request lang po ng mga Seafarers Union at saka I am making this report also on behalf of Secretary Bello. Sinususugan po namin 'yong sinabi last week ni Senator Bong Go na kinakailangan po siguro na big --- ibigay natin 'yong request sa mga seafarers para magkaroon sila ng Western brand ng mga bakuna.

Kanina po sinabi niyo na na mukhang inclined kayo na i-grant ito so parang hindi na kailangan itong presentation na ito pero napansin ko po na isa sa mga hinihingi lamang nila 'yong Western brand na bakuna at mayroon pa silang iba pa pong mga hinihingi sa ating gobyerno.

So with your kind permission po, on behalf of Secretary Bello, I would like to go through the presentation, although ia-abbreviate ko lang po because of the time.

Well, ang importansya po ng ating seafaring industry ay unang-una --
- *[Balik tayo sa first slide, please.]* --- unang-una po, we are the second highest supplier ng mga seafarers po. Nangunguna lang sa atin ang Tsina, sumusunod sa atin ang India, Indonesia, at Russia. So ang total seafarers po sa buong mundo is 1,647,500, 460,000 po are Filipinos, mga 25 percent po ng lahat ng seafarers ay Pilipino.

[Next slide.]

Now mayroon po silang mga pagsusubok ngayon at pero ang advantages po talaga ng crewing industry natin ay mukhang bright po 'yong prospects para sa mga Filipino seafarers at mukhang mas marami pang mga remittances ang ipapasok nila at saka dahil nga po sa dami ng COVID cases sa India, mukhang mas dumadami po 'yong demand para sa ating mga kababayan na mga seafarers.

[Next slide.]

Pagdating po sa kontribusyon sa ekonomiya, talaga naman pong kinikilala natin ang kabayanihan ng ating mga seafarers, 6.1 billion dollars po ang ipinadala nila sa atin noong 2018 alone ‘no at mukhang tataas pa po ito dahil sa mga reporma na ginawa ng MARINA.

So mayroon pong... Siyempre maraming impact itong pandemya sa kanila.

[Next slide.]

Unang-una po, nagkaroon po ng increased costs sa mga Filipino seafarers. Ibig sabihin mas malaki po 'yong competition sa mga karatig bansa gaya ng Viet Nam, China, Eastern Europe, Myanmar, and Indonesia. Iyong Crew Change protocols po dahil po pandemya, iyong lockdown and travel restrictions, 'yong pagbabayad po ng quarantine cost at saka 'yong mga vaccination brand na nire-require po ng mga receiving countries.

[Next slide.]

Dito po sa Crew Change protocol, every month po 30,000 'yong sumasakay at bumababa na mga seafarers. Ang problema po mula noong nagkaroon ng pandemya, mga 25 percent lang po talaga ang nakakababa at nakakasakay. Ibig sabihin, marami sa kanila hindi na nakabababa bagama't dapat mga --- ang kontrata nila ay four to 10 months lamang pero ang karamihan po ngayon ay hindi po nakakasakay dahil nga po sa mga lockdowns due to the pandemic.

So ito po 'yong mga hinihingi po ng mga unions. *[Next slide.]* Unang-una po, kung puwede raw po sanang pasimplehin 'yong proseso ng pagbabakuna sa mga seamen. Kung pupuwede ho ang hihingin lang na requirement ay 'yong tinatawag na seaman's book. Pangalawa po, kung pupuwede pong mabakunahan na 'yong mga seafarers sa kanilang mga probinsiya bago pa pumunta ng Metro Manila para sumakay ng barko para hindi na po sila nagtitipon-tipon dito sa Metro Manila bago sumakay ng barko. Pangatlo po, 'yong mga pauwi naman pong mga seaman kung pupuwede na silang mabakunahan pagdating po nila at pagkatapos silang magkaroon ng negative RT-PCR.

Tapos ito nga po 'yong inaprubahan niyo na dahil nga po sa Europa eh hindi sila isasakay, hindi sila pababalikin kung wala silang Pfizer, Moderna, AstraZeneca and Johnson & Johnson, kung pupuwede po sana silang mapayagan na kumuha nitong mga Western brands. Tutol po ito doon sa polisiya na walang pilian pero karamihan po talaga ng mga barko ay nagre-require nitong mga Western brands.

[Next slide, please. Next slide, please. Next slide, please.]

Now, of course, 'yong pag-ano po 'yong issue na kung pupuwede silang pumili, baka may magreklamo na favoritism at sasabihin na violation daw ito ng equal protection of the laws. Pero sa tingin ko po wala naman pong violation ng equal protection of the laws *[dahil next slide]* iyong test naman po *[next slide]* na ginagamit natin kung malaman kung mayroong favoritism na hindi sang-ayon sa batas ay *[one slide before please]* unang-una, mayroon ba talagang basis po 'yong distinction? At gaya po nung sinabi niyo kanina dahil hindi nga sila pupuwedeng magtrabaho, hindi pupuwedeng sumampa sa barko kung hindi sila mababakuna ng --- mababakunahan ng Western brands, eh mukhang based naman po 'yan on substantial distinctions.

PRESIDENT DUTERTE: Let me cut you there. Marami masyadong issues and all of them are phrased in a question form --- bakit mabakunahan sila? Well, we are ready to vaccinate them with the Western brand.

There is no violation of the equal protection of laws because kung sabihin mo lang 'yong na hindi nabakunahan ng Moderna o Pfizer at nabakunahan ng Sinovac pati Sinopharm, there is no distinction and there is no clear evidence to show that itong mga Pfizer, Moderna are superior to the Sinovac and Sinopharm. Eh puro bakuna 'yan eh, it's generic.

Ang atin lang nito there is no violation of the equal protection of laws because this is what the nature of their work requires. So hindi 'yang ano

hindi na ano unless na there is proof iyong ano ipapakita talaga na mas superior ang… Then that is the time that anybody na nabakunahan ng ano would say na equal protection --- bakit kami China-made, iyong iba US-made? To us there is no distinction. They are both --- lahat ito effective. And as a matter of fact, a lot of countries have used Sinovac, wala naman silang --- walang reklamo. I have not heard of any news or whatever to show that there are complaints about the disparity in the efficacy of these vaccines.

So hindi mag-apply 'yang equal protection of laws because ipakita natin --- ipakita muna nila sa atin na mas mahusay itong Western-made kaysa itong China. Kung maipakita nila 'yan, that it's superior, then that is the time that --- but I have to prove it --- that is the time that you can say na there is a violation of the equality of laws. So wala.

Kaya lang itong special na ano it is not because it is superior. It's not given to the seafarers not because they are a special breed na kailangan mong bigyan; kung hindi, kailangan mo bigyan dahil it --- their work requires the vaccination of US-made or Western brand. Pero I don't believe as a lawyer that there is a violation of equality of laws.

SEC. ROQUE: Tama po. Iyon din po ang sinasabi ng mga seafarers. Eh kaya lang naman sila humingi ng Western brands hindi naman dahil gusto nila 'yon, hindi dahil superior ang Western brands; kung hindi, hindi sila pasasakayin ng barko kung wala silang Western brand at karamihan ng mga barko ay European ships po 'no.

So anyway, 'yon po ang kanilang kahilingan. Pero sinabi niyo na po kanina you are inclined to grant the request, so maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Yes.

SEC. ROQUE: Nagpapasalamat din po ang mga union kay Senator Bong Go kasi siya po 'yong naglabas nitong isyu na ito noong huling meeting, at dahil po sa kanyang intervention ay nagkaroon na kayo ng desisyon bago pa man magkaroon ng presentation na ganito. Maraming salamat po on behalf of the seafarers.

PRESIDENT DUTERTE: I will make it simple. Ibigay ko na lang kay Secretary Galvez kung paano --- paano sila… They want it group or in their province they can always --- maybe tawag lang sila o mag-text sila and i-confirm ng mga doktor doon, and then Secretary Galvez will give the go signal na bigyan sila ng US-made.

SEC. ROQUE: Thank you very much, Mayor.

PRESIDENT DUTERTE: Iyon, 'yon. I said what is important is that the Filipinos or the Filipino realizes na itong vaccine na ito ginawa 'yan because it is demanded as a condicio sine qua non before they are given the clearance to board the ships. Now, it does that mean to say that it is superior than what we have --- ikaw, ako, lahat puro China tayo. I consi --- I am of the belief --- considered belief that they are all…

Eh ang ibang report nga sa Dubai ba 'yon eh 90 percent ang efficacy ng Sinovac eh. Eh pinag-aralan 'yan, pare-pareho lang naman 'yan sila. Ako Sinopharm kasi baka akala nila nagtatrabaho ako sa farm. Ibigay ko 'yong Sinopharm. Pero okay man, wala man problema.

So wala naman siguro tayong pag-usapan. Tapos naman lahat ang dapat sabihin. What is important is that --- hindi, ganito na lang, it is high time that the people would know or must know na itong lahat ng vaccine puro effective 'yan.

Kaya ipasok mo sa ulo that itong US-made cannot be a superior brand than the Chinese and other brands in comparing them with each other. Iyan ang tandaan ninyo.

At saka kung ang the best talaga na bakuna 'yong sabi nga nila 'yong nandiyan sa harap mo. Iyon ang magbigay ng protection sa iyo. So medyo tapos na tayo and if there's any, balikan ko lang ang droga kasi talagang galit ako.

Iyong namamatay diyan, 'yong pumapasok ng droga, remember delikado 'yan. Iyan ang trabaho na ano, 'yong puwede malapit ka sa kamatayan. Hindi mo sabihin na papatayin ka ng intentional really to kill you. But when you are there, you are always --- karamihan armed, may armas talaga and 'yan ang mahirap. Bakit naman magdala ng armas? Pero karamihan talaga, my experience even when I was mayor, I can attest to it under oath na itong mga ito nagdadala talaga ng armas, at may pulis rin akong patay.

When I was mayor, may mga pulis akong namatay rin. Eh lumaban eh. Eh hindi mo naman sabihin na ano 'yong suwerte mo, but natsambahan. Iyan ang danger diyan.

Kaya itong droga, it's either you drop the drugs just like in the same manner as NPA ka, drop the gun, and we can talk and we can help you.

Sa mga Pilipino nakikinig, maraming salamat sa inyo. *[applause]*

--- END ---